# Supplemental Security Income (SSI)

**2008 na Edisyon**

# Unawain ang Supplemental Security Income Tungkol sa Mga Paglipat ng mga Pag-aari



## Ano ang mga pag-aari?

Ang **mga pag-aari** ay pera at mga bagay na iyo at na maaari mong gawing salapi. Ang mga halimbawa ng **mga pag-aari** ay mga bank account, mga sasakyan, ari-arian, stocks at bonds.

## Bakit mahalaga ang mga pag-aari sa Programa ng SSI?

Upang makakuha ng mga benepisyo sa SSI, ang iyong maisasamang **mga pag-aari** ay hindi dapat nagkakahalaga ng higit sa $2,000 para sa isang tao, o $3,000 para sa mag-asawa. Ito ay ang tinatawag naming limit sa pag-aari.

Basahin ang SSI Spotlight sa **Mga pag-aari** para sa impormasyon tungkol sa kung paano namin kinakalkula ang **mga pag-aari**.

## Ano ang ibig sabihin ng paglipat ng mga pag-aari?

Ang paglipat ng isang pag-aari ay ang pamimigay o pagbebenta ng isang pag-aari. Halimbawa, ang pamimigay ng pera sa ibang tao ay isang paglipat ng mga pag-aari.

## Ano ang mangyayari sa aking mga benepisyo sa SSI kung inilipat ko ang isang pag-aari?

Kung ikaw, ang iyong asawa, o ang isang kasamang may-ari ay namigay ng isang pag-aari o nagbenta nito sa halagang mas maliit kaysa sa tunay nitong halaga, maaaring hindi ka kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI nang hanggang 36 na buwan. Ang katagalan ng iyong hindi pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI ay depende sa halaga ng pag-aari na inilipat mo.

## Ano ang mangyayari kung nagbenta ako ng isang pag-aari?

Kung nagbenta ka ng isang pag-aari para sa halaga nito, ang 36-buwan na panahon ng hindi pagiging kwalipikado ay hindi aaplay. Ngunit ang perang matatanggap mo mula sa pagbenta ay maaari kang gawing hindi kwalipikado kung dahil dito'y lumampas ka sa $2,000 na limit sa pag-aari para sa isang tao o $3,000 para sa mag-asawa.

## Ano ang mangyayari kung inilagay ko ang aking mga pag-aari sa isang trust?

Sa ilang mga kaso, ang paglagay ng mga pag-aari sa isang trust ay itinuturing namin na isang paglipat ng mga pag-aari na nagiging sanhi ng iyong pagiging hindi kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI. Sa ibang mga kaso, ang trust mismo ay itinuturing naming isang pag-aari. Bukod pa rito, maaari kang lumampas sa limit ng pag-aari dahil sa halaga ng trust.

Tingnan ang SSI Spotlight sa **Trusts** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano naaapektohan ng trusts ang pagiging kwalipikado para sa SSI.

## Paano naaapektohan ng Medicaid coverage ang paglipat ng isang pag-aari?

Maaaring hindi bayaran ng Medicaid ang ilang mga gastos sa health care kung ikaw o ang iyong asawa ay namigay ng isang pag-aari o nagbenta nito sa halagang mas maliit kaysa sa tunay nitong halaga. Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa kung paano naaapektohan ng paglipat ng isang pag-aari ang Medicaid coverage, mangyaring kontakin ang ahensiya ng welfare (kawanggawa) o social services (mga serbisyong panlipunan) na humahawak sa Medicaid sa iyong lugar. Masasagot nila ang iyong mga katanungan tungkol sa kung paano maaapektohan ng paglipat ng **mga pag-aari** ang Medicaid.

---

ANG IMPORMASYON NA ITO AY PANGKALAHATANG IMPORMASYON LAMANG. ARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG SA 1–800–772–1213 (TTY 1–800–325–0778), BISITAHIN ANG AMING WEBSITE (**www.socialsecurity.gov**) SA INTERNET, O MAKIPAG-ALAM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR.